**MGA ISKOLAR, SIYENTISTA, MAKAKALIKASAN NG BAYAN, NANAWAGAN PARA SA TUNAY AT SIYENTIPIKONG PAG-UNLAD NG BAYAN!**

*ANG NAGKAKAISANG PAHAYAG NG KATIPUNAN STEM COMMUNITY:*

Tatlong taon nang nanunungkulan si Marcos Jr ngunit nananatili at lumalala ang mga isyu at suliranin ng bansa dahil sa walang katapusang kapabayaan ng administrasyon. Ang mga organisasyong pang-agham at teknolohiya, at pangkalikasan ay sa nagkakaisang nagpapalakas ng panawagan na panagutin at himukin ang administrasyong Marcos, Jr. na isulong ang tunay, makatao, makakalikasan, at siyentipikong pag-unlad ng bayan!

Noong nakalipas na taon, ipinagmalaki ni Marcos, Jr. ang 5,500 flood control projects kasama ang iilan pang proyektong nakapangalan sa kanyang administrasyon, ngunit dalawang araw matapos ang SONA 2024, walang nagawa ang mga proyektong ito upang pigilan ang mga sakunang idinulot ng Bagyong Carina. Sa kasalukuyan, isang linggo bago ang ika-4 na SONA ni Marcos Jr. ay walang-awang hinagupit naman ang bansa ng sunod-sunod na mga Bagyong Crising, Dante, at Emong. Ito ay nagdulot ng malawakang pagsara ng mga kalsadang hindi madaanan dahil sa baha, ang pagtaas ng red rainfall warning sa maraming lugar, ang pagdeklara ng state of calamity sa maraming lungsod, at ang pagsuspinde ng klase at trabaho na humadlang sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mamamayan — isang paulit-ulit na kaganapang hinaharap ng maraming Pilipino tuwing panahon ng habagat. Ngunit sa halip na tugunan ito ng tunay na mga solusyon, ang naging sagot pa rito ay ang pag-veto ni PBBM ng P16.7 bilyon na budget para sa flood control projects sa national budget ngayong taon. Hanggang ngayon, hindi rin matukoy kung ano ang kinahinatnan ng inilaang P21 bilyon sa national budget para sa calamity fund ng 2025.

Damang-dama rin ng sektor ng agham at teknolohiya ang kawalan ng atensyon sa mga problema ng STEM. Mayroong naging 14 bilyong budget cut sa mga SUC na lubusang nakahadlang sa edukasyon at pananaliksik ukol sa paglutas ng krisis sa klima. Ang hilaw na pangako ni Marcos Jr. na susuportahan niya ang Research and Development (R&D) ng bansa ay dinudurog ng katotohanang 0.24% lamang ng pambansang GDP ang nakalaan para sa R&D magmula pa 2023 — napakalayo nito sa global na rekomendasyon na 1% - 3% (EDCOM2, 2025). Ang ipinanukalang budget ng sektor na P48.253 bilyon na sana'y itutuon sa Disaster Risk Reduction and Management (DRRM) para sa panahon ng mga bagyo at iba pang delubyo ay tinanggihan, at kalahating halaga lamang na P24 bilyon ang ibinigay. Nananatiling huli ang bansa kahit sa Timog-Silangang Asya sa pananaliksik at paglalathala ng mga siyentipikong artikulo, at mababa ang suweldo ng puwersang S&T, kung kaya naman patuloy din ang *brain drain* sa bansa. Tumaas nang 182% ang mga manggagawang S&T na nag-iibang bansa sa pagitan ng 1990 at 2010, [DOST-SEI] at lubos na mababa ang numero ng mananaliksik sa bansa (174 sa bawat isang milyong Pilipino) kumpara sa global na pamantayan (380 sa bawat isang milyong populasyon).

Kapansin-pansin ang paghahalintulad ni Marcos, Jr. ng kaniyang administrasyon sa ginawa ng kaniyang ama: ang patuloy na pagpapatayo ng samu't saring imprastruktura upang pagkakitaan nang walang pagsasaalang-alang sa pinsala nito sa mamamayan at kalikasan. Ang mga imprastrukturang ito rin ay wala namang serbisyong nabibigay sa mamayang Pilipino. Kaya naman nararapat lamang na matuto tayo sa ginawa ng mga aktibista noong panahon ni Marcos Sr.  upang sagutin ang paglalapastangang ito – ang Diliman Commune.

Ipinakita ng komunidad ng UP, ng mga tsuper, mga aktibista't kabataang makabayan noong panahong iyon ang kapangyarihang hawak ng mamamayan upang ipagtanggol ang karapatan, hindi lamang ng unibersidad, kundi ng mamamayang Pilipino. Ang pagtaas ng presyo ng langis — na noon ay iilang centimo lamang kung ikukumpara sa halos limang pisong pagtaas ng langis ngayon, ang panghihimasok ng militar sa pamantasan at sa komunidad, at ang pagtapak sa karapatang pantao ng mga mamamayan — kung saan mula noon hanggang ngayon ay nagdudulot ng paghihirap, pagkawala, at pagpatay ng maraming mga kabataang aktibista, ay pakita ng  agresyon ng administrasyon. Sa halip na matakot at magtago, ang mga pangyayaring ito ay hindi nagpahina ng loob ng mga mamamayang lumalaban, bagkus ay mga isyu pang nagdala sa kanila sa mga kalsada at buong tapang na nanawagan para sa hustisyang pang-masa kasabay ng pagtatanggol sa academic freedom ng mga unibersidad. At ngayong nauulit muli ang mga isyung ito, kinakailangan na muling tumugon hindi lamang ng komunidad ng UP kundi ng buong komunidad ng STEM sa Katipunan, ang parehong kalsadang nilakaran ng libu-libong aktibista mula sa iba't ibang mga pamantasan, upang ipaglaban muli ang karapatan ng mamamayan, singilin ang kawalang pananagutan ng administrasyon, at isulong ang kalayaan ng bansa.

Panawagan ng buong komunidad ng STEM sa Katipunan – kalampagin ang administrasyon upang tugunan nang tunay ang krisis pangklima! Itigil ang mga band-aid solution at ang sandamakmak na imprastrukturang hindi naman gumagana sa pagkontrol ng pinsala ng lumalalang mga delubyo. Bigyan ng karampatang budget ang R&D at DRRM. Ipaglaban ang karapatan ng mga lumalabang siyentista at makakalikasan.

At sa panahong ito, hindi rin natin kalilimutan na ang puno't dulo ng mga krisis sa ating lipunan ay hindi lamang dahil kay Marcos Jr, kung hindi dahil din sa kanyang katambalang Duterte at ang kanyang master na US Imperialist. Habang pinapanagot natin ang Rehimeng Marcos Jr., ay patuloy din ang panawagang ibagsak ang mga burukratang kapitalista at ang imperalismo.

ISULONG ANG TUNAY, MAKATAO, MAKAKALIKASAN, AT SIYENTIPIKONG PAG-UNLAD NG BAYAN! Panagutin ang rehimeng US-Marcos Jr.! Sumama at magpalawak ng hanay sa SONA ng Bayan!

#SONAngBayan2025

#MarcosSingilin #DutertePanagutin

Signatories

1. Agham Youth UPD
2. College of Science Student Council (CSSC)
3. Engineering Student Council (ESC)
4. UP School of Statistics Student Council (UP Stat SC)
5. UP Diliman University Student Council (UPD USC)
6. Saribuhay UPD
7. AGHAM Diliman
8. Youth Advocates for Climate Action Philippines (YACAP)
9. Rise for Education Alliance - College of Science
10. UP Molecular Biology and Biotechnology Society (UP MBBS)
11. UP Cwm Zena'na (UPCZ)
12. UP Industrial Engineering Club
13. UP Chemical Society (UP ChemSoc)
14. UP Association of Biology Majors (UP ABM)
15. UP Geology Majors' Society (UP GeMS)
16. UP Mining, Metallurgical, and Materials Engineering Association Inc. (UP 49ers)
17. UP Association of Chemistry Majors and Enthusiasts (UP ACME)
18. UP Association of Computer Science Majors (UP CURSOR)
19. UP Geological Society (UP GeoSoc)
20. UP DOST Scholars' Association (UP DOST SA)
21. UP Association of Civil Engineering Students (UP ACES)
22. UP Mining Engineering Society (UP MINERS)
23. UP Gears and Pinions (UP GPs)
24. UP Circuit (UP CKT)
25. UP Epsilon Chi Fraternity
26. UP Chemical Engineering Society, Inc. (UP KEM)
27. UP Architecture Forum (UP AF)
28. University of the Philippines Academic League of Chemical Engineering Students, Inc. (UP ALCHEMES)